

1

Sira na talaga ang araw ko!

Ang isiping iyon ang paulit-ulit na naglalaro sa utak ni Luke Hernandez habang inip na pinapanood ang naglisaw na mga taong katulad niya ay stranded din sa domestic airport sa Cebu. More than two hours na siyang naghihintay na matuloy ang flight nila pabalik ng Manila, at malapit na siyang maubusan ng pasensya.

Pero hindi lang iyon ang ikinaiinis ng binata.

Nagpunta siya sa private resort nila sa Guimaras for a much needed rest a week ago. Ang balak niya ay mag-hibernate sana for at least a month, pero isang linggo pa lang siyang nawawala sa family-owned law firm ay nakatanggap na siya ng tawag mula sa kanyang sekretarya. May development daw sa isa sa mga kasong hawak niya at kailangan niyang bumalik kaagad sa opisina.

Kumuha siya ng ticket para sa pinakamaagang flight pabalik ng Manila, na sa kamalasan ay alas onse pa ng tanghali nakatak dang umalis. That was why napilitan siyang magpalipas ng oras sa isang cafeteria

malapit sa airport na ang specialty ay matabang na kape at maalat na fried rice.

Kanina habang naglalakad siya pabalik sa airport ay muntik na siyang masagasaan ng taxi na biglang huminto sa gilid niya. At muntik na siyang mapaupo sa bangketa nang walang pakialam naman na binangga siya ng babaeng sakay niyon na humahangos na pumasok sa loob ng paliparan.

Ang masaklap, hindi pa pala nagbabayad ng taxi fare ang pasahero! At dahil inakala ng magaling na driver na sinalubong niya ang babae nang di-sinasadyang nahawakan niya ito sa magkabilang braso upang maiwasang pareho silang bumagsak ay siya ang siningil nito.

Walang nagawa si Luke kundi ang magbayad na lang kaysa lalo pa silang pagkaguluhan ng mga usyusero.

And to top it all, kanina pa humahagulhol sa tabi niya ang nasabing babae. Pinagtitinginan na nga sila ng mga taong nasa paligid.

“Stop crying,” inis na bulong niya sa katabi.

“I c-can’t!” Sa halip na sundin ang sinabi ni Luke ay lalo pa itong nagpalahaw ng iyak, bagay na nagpatalim ng tingin sa kanya ng mga nanonood sa

madramang tagpong iyon.

“Shit!” Tiim-bagang na dumukot siya ng panyo at iniabot sa katabi. Binalingan niya ng matalim na tingin ang mga taong patuloy na nanonood sa kanila.

Pero nabaling ulit ang atensyon niya sa katabi nang walang pakialam na suminga ito nang malakas sa kanyang panyo bago muling bumunghalit ng iyak.

Lalo tuloy nataranta si Luke. Gaya ng ibang lalaki ay ayaw na ayaw niyang nakakakita ng mga babaeng umiiyak. Hindi tuloy niya malaman ang gagawin. Gusto niyang yakapin ang babae, i-assure ito na maayos ang lahat, pero natatakot siyang mamisinterpret siya nito. In the end ay naisipan niyang haplusin na lang ito sa likod at buhok, gaya ng madalas na gawin ng papa niya sa kanyang mama kapag napapaiyak nito ang asawa.

Parang nabunutan ng malaking tinik sa dibdib ang pakiramdam ng binata nang i-announce na maaari nang mag-board ang mga passengers para sa Manila flight. Matapos ang ilang tapik sa likod ay pikit-matang iniwan na niya ang katabi at nagmamadaling pumasok sa departure area.

Nang sa wakas ay makapanhik si Luke sa business class section ng eroplano ay pinili niya ang puwestong

pinakamalayo sa karamihan ng pasahero.

Nang makahanap ng perpektong puwesto ay humanda na siyang magpahinga. Hindi na niya hinintay na ianunsyo ang pagkabit ng seat belt. Ginawa na niya iyon, pagkuwa’y, bahagyang ini-adjust ang upuan at ipinikit ang pagod na mga mata.

Naramdaman niyang may naupo sa bakanteng upuan sa tabi niya, pero hindi niya pinansin iyon. Binale-wala niya ang paglilikut ng kung sinumang katabi na sa kanyang palagay ay naghahanap ng maganda at relaxing na puwesto. Pero hindi na niya ito nakuhang bale-walain nang atubiling kinalabit nito ang kanyang braso.

“Excuse me,” medyo hesitant ang boses ng babae na nagsalita sa tabi niya. Marahil ay nahihiya ito sa pang-iistorbo sa kanya kaya ilang sandali muna ang pinalipas bago siya muling kinalabit. This time ay medyo inis na ang tono nito dahil siguro nakakahalata na ito na nagkukunwari lang siyang tulog.

Hindi pa nasiyahan sa dalawang kalabit at dalawang pagtawag, inulit pa ito ang pagkuha sa atensyon ng binata. Walang-pakundangan na niyugyog nito ang balikat niya.

“What!” angil ni Luke na napilitan nang magmulat

ng mga mata.

Pero kaagad din siyang napapikit nang makilala ang katabi... ang naghi-hysteria na babae kanina sa lounge! Ito nga at walang iba.

“Oh, my God, ano ba’ng naging kasalanan ko?” tanong niya sa napatingin sa kisame ng eroplano.

Pero parang bale-wala lang sa babae ang naging encounter nila kanina dahil bahagya pa itong natawa sa reaksiyon niya.

“What do you want?” Mas matalim kaysa sa karaniwan ang tono ng kanyang boses, bagay na hindi nakaligtas sa pandinig nito.

“Puwede ba tayong magpalit ng puwesto? Mas gusto ko sa tabi ng bintana, eh,” parang batang hiling nito kasabay ang pagkagat sa pang-ibabang labi.

Wala sa loob na sinundan ng mga mata ni Luke ang ginawang iyon ng babae. At hindi niya alam kung saan nanggaling ang notion, pero bigla niyang naisip na sana ay siya ang kumakagat sa mapulang labi na iyon.

Ipinilig niya ang ulo, lalong pinabagsik ang anyo upang maitago ang pagkapahiya. Ang balak sana niya ay tanggihan ito, pero nang maalala kung

paano umiyak ang estranghera ay napilitan na siyang iparaya ang hinihiling nitong puwesto.

“Thanks.” Kiming ngumiti ang babae. Pero kaagad din itong nagbawi ng tingin nang makita ang walang kangiti-ngiti at supladong mukha ng binata.

Muling iniayos ni Luke ang upuan sa position na gusto niya, pagkatapos ay ipinikit ang mga mata at pilit na inalis sa isip ang babaeng katabi. Hindi siya kumilos kahit na naramdaman niya na nahihirapan itong iayos ang sariling seat belt, although gustung-gusto na sana niyang gawin iyon.

Pero kaagad siyang napadilat muli nang maramdaman ang mahigpit na pagkapit ng kamay ng katabi sa braso niyang nakapatong sa armrest.

Nagtataakang binalingan ni Luke ang babae, pero nakapikit ito na tila nagdadasal. Lalo pang humigpit ang pagkakahawak nito sa kanya nang mag-take off na ang eroplano. Akala siguro nito ay armrest ang braso niya dahil ramdam niyang halos bumaon ang mga kuko nito sa kanyang laman.

Ikinilos niya ang braso, hinawakan ng isang kamay ang kamay ng katabi at ipinaloob iyon sa mga palad niya. Pinagsalikop niya ang mga daliri nila at bahagyang pinisil ang malambot na kamay ng babae

na mabilis na napadilat sa kanyang ginawa.

Naiinis siya sa pang-iistorbo nito sa kanyang pamamahinga, pero hindi niya kayang bale-walain ang obvious na pagkatakot nito sa papataas na lipad ng eroplano.

“Relax,” bulong niya nang magtama ang mga mata nila.

“Thanks,” anitong nahihya. Pilit itong ngumiti pero hindi binawi ang kamay.

“Are you afraid of airplanes?” naisipan niyang itanong upang malibang ang katabi.

Umiling ito. “No. I just can’t get used to the feeling of being airborne,” nahihiyang paliwanag nito.

Tumangu-tango siya. “Huwag mo nang isipin ‘yon, lalo ka lang matatakot. Our mind is very powerful, you know.”

“Tama ka,” nakatawang sang-ayon ng babae. “Mas mabuting ibang bagay na lang ang pag-usapan natin.”

“Yeah, right. I’m just curious, why were you crying like a baby when we were still at the airport?”

“How did you know? Bakas pa ba sa mukha ko na

umiyak ako?” Conscious na tinangka nitong bawiin ang kamay upang damhin ang mukha, pero maagap na pinigilan niya ito.

“I happen to sit beside you in the waiting lounge. In fact, panyo ko ‘yung siningahan mo.” Hindi niya mapigilan ang sarili na magpatutsada nang maalala ang nakakahiyang inasal nito kanina.

Namula ang mga pisngi ng babae sa hiya, muling kinagat ang pang-ibabang labi at nag-iwas ng tingin sa binata.

“So, why were you crying?” Muli niyang inungkat ang topic bago pa umiral na naman ang overactive imagination niya pagkakitang kinagat nito ang labi sa ikalawang pagkakataon.

“Iyon ba?” Nahihiyang nagkamot ng tungki ng ilong ang babae, which made Luke wish na sana ay siya na lang ang kumakamot sa maliit pero matangos na ilong nito.

He would probably do more than scratch it, but what the heck?

“I was crying because today is supposed to be my wedding day.” Muling ibinalik ng binata ang atensyon sa katabi nang magsalita ito.

“Nice wedding dress, huh,” aniya na ang tinutukoy ay ang lumang jeans at white baby tee nito. Ang mga paa nito ay nakasuot ng sneakers na sa sobrang kalumaan ay nakikita na ang isang daliri na ang kuko ay napipintahan ng bright pink na nail polish.

Natawa ang babae, pabiro pang hinampas ang braso niya bago nagpatuloy sa pagkukuwento.

“I caught my boyfriend kissing my maid of honor, who, unfortunately, happens to be my younger sister. Nakakatawa, di ba?”

“So you called the wedding off.”

Umiling ang kausap. “No, I did not. But I did not go to the church, either. I just grabbed my purse, hailed a taxi and went away.”

“I’m sorry.” Sa kawalan ng masasabi ay iyon ang lumabas sa bibig ni Luke.

“Bakit ka nagso-sorry? Hindi mo naman fault ‘yon. Ako ang may kasalanan. Noon pa ‘ko nagdududa sa unnatural closeness nila, pero binale-wala ko ‘yon.” Bahagyang pinisil ng dalaga ang kamay niya.

Nanindig ang balahibo sa leeg ng lalaki nang maramdaman ang kuryenteng dumaloy sa mga palad

nila. Para siyang napasong na bigla niyang binitiwang ang kamay nito at humalukipkip.

“Nagsayang ka ng sampung baldeng luha dahil lang sa walang-kuwentang lalaking iyon?”

Kumunot ang dalaga sa biglang pagbabago ng mood niya.

I thought he was a gentleman, ang bait pa naman niya kanina. Sira ba ang ulo ng lalaking ‘to?

“Ano naman ang pakialam mo sa luha ko, eh, luha ko naman ang sinayang ko?” pagtataray nito.

“May pakialam ako,” bahagyang hininaan ni Luke ang boses nang mapansing pinagtitinginan na sila ng ibang pasahero. “Dahil naapektuhan ako ng kakaiyak mo. Muntik na ‘kong mahulog sa bangketa nang mabangga mo ‘ko kanina, ako pa ang nagbayad sa pang-taxi mo dahil tinakbuan mo ‘yung pobreng driver, and to top it all off, you ruined my handkerchief.”

Napangiwi ang babae nang maalala ang maruming panyo na nasa bulsa nito, pero nakataas-noo pa rin ito nang muling magsalita. “Napaka-ungentleman mo naman para ipamukha sa akin ang mga nangyari. Ano’ng klaseng manners ba mayr’on ka? Can’t you recognize a lady in distress when you

see one?”

“Hah! Nas’an ang lady? You look more like a spoiled girl than a lady, alam mo ba ‘yon? Napaka-eskandalosa mo pang umiyak. Hindi ka ba nahihiya sa ginawa mo?” sarkastikong hayag niya.

“Alam mo, Mister, mas nakakahiya ang ginagawa mo ngayon. Kasi, para kang manok na putak nang putak. Bakit hindi mo na lang itikom ang bibig mo kung wala ka namang sasabihing maganda?”

Napatiim-bagang si Luke sa mataray na pahayag ng katabi at matalim na tinitigan ito. Pero matapang ang babae, dahil taas-noo pa itong lumaban ng titigan sa kanya. Nakakuyom pa ang mga kamay nito na tila ba handang makipagsuntukan.

Siya na ang unang nagbawi ng tingin bago pa lumala ang sitwasyon. Pakiramdam niya ay natutunaw ang kanyang inis habang pinagmamasdan ang maamong mukha ng kaharap. She had green eyes, which was very unusual dahil hindi naman mestiza ang babae, natural na curly ang mahahabang eyelashes. Hindi katangusan ang maliit nitong ilong, but what fascinated him more ay ang natural na mapula at tila napakasarap halikan nitong mga labi, na sa ngayon ay lalo pang nanunulis, dala marahil ng pagkainis sa kanya.

Matapos tapunan ng huling sulyap ang katabi ay muling iniayos na ng binata ang sarili, lalo pa niyang inihiga ang upuan at ipinikit ang mga mata. Mas gugustuhin pa niyang magkunwaring natutulog kaysa makipag-away sa mataray na babaeng katabi niya, na hanggang sa ngayon ay patuloy pa rin ng pagpukol sa kanya ng matatalim na sulyap.

Nagawa niyang isara ang isip sa presence ng katabi, nakaya niyang bale-walain ang paglilikut nito sa upuan habang patuloy na humahanap ng magandang puwesto at napalampas niya ang maingay na pagbubuklat nito sa mga pahina ng magazine na iniabot kanina ng stewardess. In short, nagawa niyang papaniwalain ang sarili na mag-isa lang siya sa side na iyon ng eroplano.

That is, hanggang sa i-announce na malapit na silang lumapag sa domestic airport ng Maynila.

Paano ay naramdaman niya kung paano nanlamig ang kamay ng babae na kanina pa umiiwas na madikit man lang sa kanyang braso. Bahagya pang nanginginig ang kamay nito kasabay ang tahimik na pagkalmante sa sarili at malalim na paghinga.

Hindi nakatiis si Luke. Kahit naiinis pa rin sa dalaga ay muling niyang hinawakan ang kamay nito. Hindi naman ito tumutol, although hindi nito

Loving Luke - Angela Alfonso

makuhang salubungin ang tingin niya. Nanatili sila sa ganoong ayos hanggang sa payapa nang makalapag ang eroplano sa runway ng domestic airport. Ito pa mismo ang humila sa kamay nito nang ipaalam sa kanilang tapos na ang kanilang flight.

Tumayo ang dalaga at sumulyap sa kanya. Nakaupo pa rin siya habang hinihintay na makababa ang karamihan sa mga pasahero. Nagpatiuna na itong lumabas ng business class section ng eroplano.

“Thank you, ha!” Hindi napigilan ni Luke ang sarili na habulin ng pasaring ang babae nang walang lingon-likod na umalis ito at iniwan siya.

2

“How was Cebu?” nakangiting tanong ni Aling Linda sa anak habang abala ang mga kamay niya sa pagdidilig sa mga alagang orchids.

Pagkagaling sa airport ay nagtuloy si Luke sa bahay ng mga Hernandez sa *San Lorenzo Village* sa Makati. Ipinapahinga niya ang katawan habang ini-enjoy ang freshly-made lemonade na inihanda ng ina para sa kanya.

“Gaya pa rin ng dati, maraming tao,” kubit-balikat na sagot niya. “Maraming mangga. Pero hindi pa ako lubos na nag-e-enjoy sa pagtakas ko sa opisina ay tinawagan na ako agad ng magaling kong sekretarya. Parang hindi rin ako nagbakasyon.”

Makahulugan ang tingin na ipinukol ni Aling Linda sa anak. Ikatlo si Luke sa apat na lalaking anak niya at katulad ng mga kapatid nito ay pilyo rin ang binata. Pero kailanman ay hindi nito nagawang itago sa kanya ang tunay na nararamdaman. Tulad ngayon. Alam niyang may bumabagabag sa isip nito, pero ayaw niyang manghimasok.

“Yun lang ba ang problema? Alam mo kung

anong klaseng trabaho ang pinasok mo nang mag-decide kang sundan ang mga yapak ng papa at mga kapatid mo, Lucas.”

Ang tinutukoy ng ginang ay ang pagiging matagumpay na abogado ng asawa niyang si Mang Mario, pati na ng tatlo pa niyang anak na lalaki. Sa katunayan ay magkakatulong ngayon ang mag-aama sa pagpapatakbo ng sarili nilang law firm, ang *Hernandez and Sons Law Office*.

“Actually, Ma, hindi ako masaya sa takbo ng buhay ko ngayon. Parang may kulang,” pag-amin ng lalaki.

Itinigil ni Aling Linda ang ginagawa, hinubad ang gloves at naupo sa harap ng anak. Tama siya sa hinalang may bumabagabag dito, and as usual, kailangan niyang makinig and if possible, magbigay ng advice.

“I’m perfectly happy with my job, kung ‘yan ang inaalala mo. I enjoy the challenge and the hard work. But something’s missing na hindi ko mawari kung ano,” pagpapatuloy ni Luke.

“Kaya nagbakasyon ka muna?” nang-aarok na tanong ng ginang.

“I thought I badly needed a vacation. But now I

know that it's not what I want. Papunta pa lang ako sa Cebu ay gusto ko na agad bumalik dito. Actually, hindi rin ako nag-enjoy sa resort. Bumalik agad ako dito nang tumawag si Suzy.”

“Maybe you need to find yourself a girlfriend,” out of the blue ay naisipan niyang i-suggest.

Muntik nang maibuga ni Luke ang lemonade na kasalukuyan niyang iniinom.

“Ma naman, let's be serious here,” angal niya.

“I am serious, Lucas.” Kunwa'y galit na pinandilatan ni Aling Linda ang anak. “Ganyang-ganyan ang Kuya Matthew mo n'ong hindi pa nag-aasawa. Sa trabaho lang umiinog ang kanyang mundo. And we forced John to go to Baguio dahil nag-uumpisa na siyang sundan ang yapak ng kuya mo.” Ang panganay at bunsong anak ang tinutukoy nito. “And look at them now; parehong masaya at kontento sa kanilang married life. ‘Yon ang kulang sa ‘yo, you need to find your lifetime partner.’”

“No,” matigas na tanggi ng binata. “Napakabata ko pa para pag-isipan ang mga bagay na ‘yan. I'm only thirty, for God's sake! Saka aanhin ko naman ang asawa?”

Tumaas ang kilay ng ginang, naisip na hamunin

ang anak. “Aber, sino’ng magluluto para sa ‘yo? Ang maglalaba ng mga damit mo? Ang maglilinis ng bahay mo?”

Uminom siya ng lemonade. “Ma, may katulong ako para gawin ang mga trabahong ‘yan.”

“Sino’ng mag-aalaga sa ‘yo pag may-sakit ka?”

“Ikaw!” mabilis na hirit niya.

“Kanino mo isi-share ang mga day to day happenings mo sa office? Kanino mo ihihinga ang problema mo if you have one?” patuloy nito, ayaw paawat.

“Sa ‘yo!”

“Sino ang kakalabitin mo kapag malamig ang gabi at wala kang mayakap sa kama, aber?” Nakataas na ang dalawang kilay ni Aling Linda.

Nakakaloko ang ngising ipinukol ni Luke sa ina. “Ma, kung ‘yon rin lang, ang dami kong puwedeng yakapin, different women on different nights.”

“Heh!” inis na singhal nito. “Akala n’yo lang, masarap ang maraming babae sa buhay, pero iba pa rin ‘yung iisang babae lang ang uuwian mo sa araw-araw. Kasama mong bubuo ng mga pangarap, kasama mong makikipaglaban sa hamon ng buhay.

Alam kong alam mo ang sinasabi ko, Lucas.

“Ang hirap kasi sa ‘yo, napakadali mong nakukuha ang lahat ng gusto mo. Hindi mo nararanasang maghirap kahit na sa panliligaw man lang. That’s why nakakaramdam ka ng pagkabagot. What you need is a challenge, son.”

Hindi nakakibo si Luke; may katuwiran ito. Lahat nga naman ng ginusto niya ay madali niyang nakukuha, walang ka-challenge-challenge. Ang trabaho lang sa opisina ang maituturing niyang challenging, pero other than that, wala na.

Pero iyon nga ba ang kulang sa buhay niya?

“Ma, ni minsan ay hindi ko na-imagine ang sarili ko na nakasuot ng pajama at nagbabasa ng diyaryo habang humihigop ng kape. I never dreamed of going to sleep at night katabi ang asawa ko na naka-rollers pa ang buhok at nakukulapulan ng face mask ang mukha.” Parang nandidiri sa naisip ang ekspresyon ng mukha ng binata. “It’s horrible!”

Natawa si Aling Linda sa litanya ng anak.

“Darating ang panahon na kakainin mong lahat ang sinabi mong ‘yan, Luke. Don’t worry, ipapaalala ko ‘yan sa ‘yo pagdating ng araw na ‘yon.”

Nakaramdam ng kilabot si Luke sa prediksyong iyon ng ina, pero hindi siya nagpahalata. Nadala lang siguro siya ng mga salita nito, pero hindi niya dapat seryosohin iyon.

And besides, he was ninety-nine percent sure na hindi asawa ang kulang sa buhay niya ngayon. Maybe in another ten years or so, pero hindi ngayon.

Pero out of the blue ay sumagi sa isip niya ang dalagang nakaengkuwentro sa eroplano. Parang pelikulang nag-flashback sa balintataw niya ang maamong mukha nito, ang mga matang namamaga sa labis na pag-iyak.

“Today is supposed to be my wedding day,” naalala niyang sinabi nito.

Kumakabog ang dibdib na tinungga ni Luke ang iniinom na lemonade kasabay ang pagkibit ng mga balikat at pilit na pagngiti nang mapansing pinagmamasdan siya ng ina.

Hindi nagtagal si Luke sa bahay ng mga magulang. Nagpaalam na rin siya sa ina at umuwi na sa sariling bahay na nasa loob din ng *San Lorenzo Village*. Iyon ang hiningi niyang regalo sa mga magulang when he graduated at the top of his class at maipasa with

flying colors ang bar exam three years ago.

Gusto kasi niyang maranasan ang mabuhay nang semi-independent. Mag-isa pero malapit pa rin sa mga magulang kung kakailanganin niya ang tulong ng mga ito.

Katulad na lang ngayon.

Ilang beses na siyang bumubusina pero walang nagbubukas ng gate para makapasok ang kotse niya. Napilitan tuloy siyang bumaba mula sa sasakyan para siya na mismo ang magbukas at magsara ng tarangkahan. Kinailangan din niyang gamitan ng susi ang front door dahil ilang beses na siyang nagdo-doorbell pero wala pa ring nagbubukas ng pinto.

Uminit ang ulo ng binata sa nabungaran pagpasok sa bahay niya.

Isang linggo lang siyang nawala pero makapal na ang alikabok sa mga furnitures, lalo na sa glass-topped coffee table. Nakapatong pa rin doon ang, kung hindi siya nagkakamali, pinag-inuman niya ng kape isang linggo na ang nakakaraan.

Lanta at tuyo na ang mga dahon ng indoor nymph tree na alaga niya, tanda na ilang araw na itong hindi nadidiligan.

At umaalingasaw mula sa pintuan ang amoy ng bahay na matagal nang hindi nalilinis.

Hindi maipinta ang mukha na sinimulang linisin ni Luke ang bahay kahit hindi pa siya lubusang nakakapagpahinga mula sa biyahe. Nakakasiguro na siya ngayon na wala ang katiwala niyang si Aling Zeny, pero mamaya na niya aalamin ang dahilan. Ang mahalaga sa ngayon ay maibalik muna sa ayos ang lahat dahil siya ang tipo ng lalaki na ayaw na ayaw sa marumi.

Ni hindi na niya nakuhang magpalit ng damit. Bitbit ang vacuum cleaner at feather duster, sinikap niyang ibalik sa dating kaayusan ang bahay kahit na ang living room na lang muna.

Nang sa wakas ay makatapos sa ginagawa ay dinampot niya ang telepono at tinawagan ang ina.

“Ma, ano’ng nangyari sa bahay ko?” derechang tanong niya nang angatin ng ginang ang telepono sa kabilang linya.

“I’m sorry, son, nakalimutan kong sabihin sa ‘yo.” Humihingi ng paumanhin ang boses ni Aling Linda, pero ang totoo ay gusto na niyang matawa. Nai-imagine na niya ang hitsura ng anak nang bumungad dito ang estado ng pinakamamahal nitong bahay. “I

forgot to tell you na nag-resign na si Zeny. Umuwi na siya ng probinsya at ngayon ay nag-aalaga ng apo.”

“Can you imagine what the place looks like n’ung dumating ako? Mukhang kulungan ng baboy,” patuloy na angal ng binata.

“I know, I know. Kasalanan ko. Hindi ko mapapunta d’yan si Sion,” ang sarili nilang katulong ang tinutukoy ng ginang. “May-sakit na naman kasi ang matandang ‘yon. Pero may naisip na akong paraan.”

“Ano?” curious na tanong niya.

“I’ve heard of this cleaning service, *Wife For Hire* yata or something. Tatawagan ko sila bukas na bukas din to take care of your problem, habang hindi ka pa nakakahanap ng bagong kasama sa bahay. I really am very sorry, Luke.”

“It’s okay, Ma.” Wala nang nagawa ang binata kundi ang bumuntung-hininga. “Please lang po, make sure na mapagkakatiwalaan at maayos magtrabaho ang kukunin n’yong cleaning service, and please do it ASAP.”

“Don’t worry, son. I’ll take care of everything.”

Alam ni Luke na walang dahilan, pero hindi niya

Loving Luke - Angela Alfonso

malaman kung bakit biglang-bigla ang bundol ng kaba sa sinabing iyon ng ina. Gayunman ay binalewala niya iyon.

3

“Are you mad?” Hindi lang ang kilay ni Rosette ang tumaas nang marinig ang sinabi ng best friend at business partner na si Cindy. Hindi rin niya napigilan ang pagtaas ng boses. “Bakit ikaw mismo ang maghandle ng Hernandez project? We still have a couple of free employees, di ba?”

Ang Hernandez project na tinutukoy niya ay ang pinaka-bagong client na humihingi ng serbisyo ng *Wife for Hire, Incorporated* na itinatag nilang magkaibigan eight months ago.

Maituturing na cleaning service ang itinayo nilang kompanya, pero hindi lang iyon ang ginagawa ng *Wife For Hire*. Lahat ng mga gawaing usually ay ang mga ina ng tahanan ang nagpe-perform ay ginagawa nila, everything except bedroom duties—ang mamalengke, maghatid-sundo ng mga bata sa school, maglaba, maglinis ng bahay.

At hindi sila nagkamali sa itinayong negosyo. Wala pang isang taon ang business nila, pero mayroon na silang fifteen full-time at ten part-time employees, at nagpaplano pa silang mag-hire ng karagdagang empleyado within the month.

In na in kasi ang kanilang services sa mga mag-asawang parehong may trabaho pero ayaw kumuha ng full-time maid, gayundin sa mga corporate executives at bachelors na ayaw magsipag-asawa pero nangangailangan ng mag-aasikaso sa mga ito.

Pero hindi pa ganoon ka-hectic ang schedule nila para si Cindy mismo ang mag-handle ng isa sa mga clients nila.

At hindi rin reason enough ang impormasyong nakalap nila na napakametikulo raw ng bago nilang kliyente para ang partner na niya mismo ang gumawa ng trabaho.

“Let’s look at it this way.” Sandaling tinigilan ni Cindy ang pagbabasa sa pinag-aaralang papeles at sinalubong ang tingin ng kaibigan. “I need to keep myself busy, I need to exhaust myself up to a point na ni hindi ko na makakayang mag-isip man lang, and this is the surest way for me to forget the pain.”

“Cindy, dahil sa nangyari sa ‘yo ay papatayin mo ang sarili mo sa pagtatrabaho? Hindi mo kailangan ng physical labor para makalimot. Sariwa pa kasi ang sugat kaya masyado pang masakit, but time heals all wounds, ‘ika nga.”

“I don’t want to waste my time waiting for the

wound to heal. Ako mismo ang gagamot sa sugat ko dito.” Itinuro ng dalaga ang puso niya. “Huwag kang mag-alala, hindi ko ipapahamak ang business natin.”

“Sira-ulo kasi ‘yung Terrence na ‘yon, eh.” Ang ex-boyfriend niya ang tinutukoy ni Rosette. “Napakadaling magpatangay sa tukso. At sa kapatid mo pa, of all people,” disgusted na saad nito.

“At least, nangyari na agad ‘yon bago pa man kami ikasal. Mas masakit kung kasal na kami saka ko pa sila mahuhuli, di ba?” pagpapalubag-loob ni Cindy sa sarili.

Tumango ito. “You’re right. Saka noon ko pa naman sinasabi sa ‘yo na you won’t be happy with him, napaka-weak ng personality ng lalaking ‘yon. You need someone stronger than him, Cindy.”

Nagkibit-balikat siya. “I don’t know. Ayoko nang isipin ang mga bagay na ‘yan. Gusto ko munang kalimutan ang mga nangyari. That’s why I need this assignment.”

“Bahala ka na nga.” Walang nagawa si Rosette sa nakitang determinasyon sa mukha ng kaibigan. “Buti na nga lang at hate na hate ni Aileen ang household chores,” ang kapatid ni Cindy ang tinutukoy nito. “Kung hindi’y baka pati itong business natin, eh,

matagal na niyang naagaw sa ‘yo. She’s after everything you have, Cindy.”

Hindi kumibo ang dalaga. Gusto niyang i-deny ang sinabi ng kaibigan, pero iyon ang totoo. Mga bata pa lang sila ni Aileen ay napakatindi na ng sibling rivalry sa pagitan nila. Ayaw na ayaw nitong nasasapawan niya sa atensyon ng kanilang mga magulang. Lahat ng pag-aari niya ay inaangkin nito: from toys, to dresses, to boyfriends. Lahat ng nagiging suitors niya ay inakit nito, and all of her past three boyfriends kabilang na si Terrence na nakatakda na sana niyang pakasalan ay inagaw rin ng kanyang kapatid.

Kaya nga lumuwas siya rito sa Manila after finishing college. Mahal niya ang mga magulang, pati na si Aileen in spite of everything, pero hindi na niya matiis ang ugali nito. At least, dito sa Manila ay wala siyang kaagaw. And she had Rosette who always stood by her.

Kung hindi siya nagpumilit na sa Cebu sila ikasal ni Terrence, sana ay hindi ito naakit ni Aileen. Sana ay kasal na sila ngayon....

“Earth to Cindy, hello?” Pumapalalpak si Rosette malapit sa mukha ng kaibigan na kanina pa nakatulala. “Heto na ang details ng Hernandez project, you’ll start

your work there tomorrow.” Iniabot nito ang folder sa kanya. “Hindi ka naman kailangang mag-full-time doon, so I’ll appreciate kung pupunta ka pa rin dito from time to time. Baka kasi hindi ko kayanin ang lahat ng trabaho dito, eh. I need you here, okay?”

“Don’t worry.” Puno na ng kumpiyansa ang ngiti ni Cindy, itinabi muna niya ang problema upang mas mapagtuunan ng pansin ang kausap. “I’ll take care of everything.”

Isang linggo na ang nakakaraan mula nang mawalan ng katulong sa bahay si Luke, but he had never been happier. Paano ay perfect para sa kanya ang cleaning service na kinuha ng ina. Laging malinis ang bahay, maayos ang pagkakaplantsa ng mga damit niya, at lagi na’y may naka-prepare na pagkain na iinitin na lang niya pagdating sa bahay. He gets to experience all those things while still enjoying his much needed solitude.

Kagaya ngayon. Ala una pa lang ng hapon pero napilitan na siyang umuwi mula sa office. Gusto kasi niyang ipahinga muna ang katawan na isang linggo nang subsob sa trabaho. At para na rin maipahinga ang utak niyang ilang araw nang naguguluhan.

Bahagya siyang napangiti nang mapansin ang nangingintab na mga muebles. Nilanghap pa niya ang mabangong amoy citrus na dulot ng air freshener na ini-spray sa loob ng bahay niya. Wala pang lutong ulam na naka-prepare, pero hindi iyon nakaapekto sa magandang mood ni Luke. After all, hindi naman alam ng kung sinumang cleaning lady na naka-assign sa bahay niya na uuwi siya ngayong hapon.

Bitbit ang attaché case ay dumerecho ang binata sa kanyang kuwarto habang tinatanggal ng isang kamay ang necktie. Maging sa master's bedroom ay nasiyahan siya sa nakita; bagong palit ang bedsheet, wala ni isang gamit na nakakalat, at napakagandang tanawin ang view sa labas dahil kumikinang sa linis ang salamin ng bintana.

Pero napawi ang ngiti sa mga labi niya nang makarinig na may kumakanta mula sa kanyang private bath. Pumiyok pa ang boses ng di-nakikilalang babae nang pilitin nitong abutin ang mataas na nota ng *If I Ain't Got You* ni Alicia Keys.

Nakangiwing tinungo niya ang banyo, ang balak sana ay patigilin sa pagkanta ang nasa loob niyon, pero siya ang natigilan sa nakita.

Nakaluhod ang babae sa gilid ng tub, kumukumpas-kumpas pa ang isang kamay habang

ang isa nitong kamay ay kumukuskos sa mga tiles sa paligid ng tub. Hindi nito namalayan ang pagpasok niya dahil nakapasak sa tainga nito ang isang pares ng earphones.

“Excuse me,” aniya sa abalang babae.

Pero sige lang ito sa pagbirit. Sinasabayan pa ng pag-indak ng balakang nito ang pagkumpas ng kamay. Hindi tuloy niya maiwasang mapansin ang matambok na puwitan nitong sumasayaw-sayaw.

Nakokonsyensyang nag-angat ng tingin si Luke nang ma-realize kung saan nakatutok ang mga mata niya. Determinadong nilapitan niya ang babae at tinapik ito sa balikat.

Hindi niya alam kung sino ang mas nagulat sa kanilang dalawa, pero kaagad na nabitawan ng dalaga ang hawak nitong brush nang makita ang kanyang mukha.

“Ikaw!”

“You!”